# JESUS.

# Pagpapatotoo sa Pagka-Panginoon ni Cristo

**WEEK 4**

## WARM-UP

- Kapag mayroon kang mga *update* na ibabahagi, paano ka karaniwang nakikipag-usap sa mga kapamilya at kaibigan mo? Balikan ang isang halimbawa na nagpapaliwanag nito.
- Madali ba para sa iyo na sabihin ang mga iniisip mo? O ito ba ay isang bagay na nahihirapan ka? Sa tingin mo, bakit ganito ang sitwasyon?
- Ibahagi ang tungkol sa isang pagkakataon na tinuruan mo ang isang tao ng isang kasanayan. Ano ito? Paano mo ito itinuro?

## WORD

*Ipanalangin n'yo rin na bigyan kami ng Diyos ng pagkakataon na maihayag ang mensahe tungkol kay Cristo na inilihim noon. Ang pangangaral ko tungkol dito ang dahilan ng pagkabilanggo ko.* **COLOSAS 4:3**

(Basahin din ang **COLOSAS 4.**)

Sa kanyang liham sa mga taga-Colosas, sinabi ni Pablo na si Cristo ay higit sa lahat at tinanggap Niya tayo sa Kanyang kaharian sa pamamagitan ng pagtubos sa atin mula sa kasalanan, na nagbigay-daan upang tayo ay magbago at makapamuhay nang banal. Ang isang pangunahing bahagi ng pamumuhay sa ilalim ng Pagka-Panginoon ni Cristo ay ang pagpapatotoo sa Kanyang Pagka-Panginoon. Bilang mga tagasunod ni Cristo, tayo ay inatasang magdisipulo at sabihin sa iba ang tungkol sa Kanya. Higit pa sa isang utos, mayroon tayong pagkakataong makibahagi sa pagsulong ng Diyos ng Kanyang kaharian sa lupa upang mas marami pa ang makaranas ng Kanyang mapagmahal na pamamahala.

## 1 Magpatotoo sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ebanghelyo.

*[3]Ipanalangin n'yo rin na bigyan kami ng Diyos ng pagkakataon na maihayag ang mensahe tungkol kay Cristo na inilihim noon. Ang pangangaral ko tungkol dito ang dahilan ng pagkabilanggo ko. [4]Ipanalangin n'yo na maipangaral ko ito nang mabuti, gaya nang nararapat.* **COLOSAS 4:3–4**

Malayang hiniling ni Pablo sa mga taga-Colosas ang panalangin para magkaroon ng mga pagkakataong maipahayag nang malinaw ang ebanghelyo. Ang pananalangin ay isang posisyon ng pagpapakumbaba at pagkilala sa tunay na namamahala. Ang malinaw na pagpapahayag ng ebanghelyo ay maaaring mangyari lamang sa biyaya ng Diyos. Siya ang nagbubukas ng mga pinto at lumilikha ng mga pagkakataon. Sa Diyos, maaari tayong makipag-usap sa iba nang may kagandahang-loob upang maibahagi sa kanila nang malinaw kung ano ang ginawa ni Cristo para sa atin at kung paano Niya binago ang ating buhay. Ano ang ilang paraan upang maipahayag natin ang ebanghelyo sa mabuti at hindi mabuting mga panahon?

## 2 Magpatotoo sa pamamagitan ng ating pamumuhay.

*[5]Maging matalino kayo sa pakikitungo sa mga hindi mananampalataya, at samantalahin n'yo ang lahat ng pagkakataon na maibahagi ang pananampalataya n'yo. [6]Kung nakikipag-usap kayo sa kanila, gumamit kayo ng mga kawili-wiling salita para makinig sila sa inyo, at dapat alam n'yo kung paano sumagot sa tanong ng bawat isa.* **COLOSAS 4:5–6**

Dito, ipinaalala ni Pablo sa mga taga-Colosas na maaari silang magbahagi ng ebanghelyo sa paraan ng kanilang pamumuhay. Ang ating pamumuhay at pananalita ay nagpapadala ng malinaw na mensahe sa mga nakapaligid sa atin tungkol sa ating relasyon sa Diyos at sa ating pagkatao sa ilalim ng Kanyang pagka-Diyos. Kapag ang pinakamalaking humihikayat sa atin ay ang pasayahin ang Diyos, hindi ang mga tao, ang pag-ibig ng Diyos ay magniningning at aakit pa ng mga taong nakakakita nito. Ano ang ilang paraan upang makapagpatotoo tayo sa pamamagitan ng ating pamumuhay?

## APPLICATION

- Alam mo ba kung paano ibahagi ang iyong patotoo? Magsanay na sabihin sa iba ang tungkol sa ginawa ni Cristo para sa iyo, at manalangin na maibahagi mo ito sa ibang tao ngayong linggo.
- Nararamdaman mo ba na ang iyong pamumuhay ay nagpapatotoo sa ebanghelyo? Bakit oo o bakit hindi? Ano ang ilang bagay na sa tingin mo ay maaaring hindi nagpapatotoo sa Diyos? Ano ang maaari mong gawin tungkol dito?
- Ano ang ibig sabihin para sa iyo ng maayos na paggamit ng iyong oras? Mayroon ka bang oras na maaaring ilaan sa iba pang mga bagay? Ipanalangin ang pagsasaalang-alang mo ng mga bagay na ito sa oras mo ng debosyon.

## PRAYER

- Mapagpakumbabang manalangin para sa mga pagkakataon mula sa Diyos upang maipahayag ang ebanghelyo
- Ipanalangin na makita ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng iyong mga salita at pag-uugali, kung ano ang ibig sabihin ng pamumuhay sa ilalim ng Panginoon.
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang isang partikular na tao na kailangang makarinig tungkol sa Kanyang kabutihan sa iyong buhay. Ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataong makipag-usap sa taong ito tungkol sa Kanya.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ruth Suson-Gloria

victory.org.ph